Panuntunan sa class suspension sa QC, inilabas ni Mayor Joy B

Nagpalabas ng guidelines si Quezon City Mayor Joy Belmonte para mawala ang mga kalituhan tungkol sa pagsuspinde o kanselasyon ng pasok ng mga mag-aaral at pasok sa trabaho sa lungsod.

Sa ipinalabas na memorandum Circular No. 1 Series of 2019, ni Belmonte ang mga miyembro ng QC Disaster Risk Reduction and Management Council ay magsasagawa ng Pre-Disaster Risk Assessment (PDRA) upang paghandaan ang pagdating ng mga kalamidad.

Sinabi ni Belmonte na ang desisyon ng Council sa isasagawang PDRA ay nakadepende sa latest weather updates at advisories ng PAGASA at ang assessment at evaluation ng PDRA ang siyang pagbabatayan ng alkalde kung magsususpinde ng klase sa mga paaralan at trabaho sa government Offices.

Ani Belmonte, ang QCDRRM Council ang siyang maghahayag ng desisyon bago mag-alas-4:00 ng madaling araw, ang araw na ikakansela ang mga pasok at kapag matindi na ang lagay ng panahon at mayroong pagbabago ang deklarasyon naman ng suspensyon ay hindi lalampas ng alas -11 ng umaga.

Kapag nagkaroon naman ng typhoon signals, awtomatikong kanselado ang pasok ng mga mag-aaral sa QC batay sa DepEd Order No. 43-2012.

Prayoridad ni Belmonte ang pagsususpinde ng pasok sa mga primary, secondary, at senior high schools, habang ang pasok sa mga kolehiyo at graduate school ay depende sa discretion ng kanilang School Head.

Ang Barangay Disaster Risk Reduction and Management Council ay maaari ring magsagawa ng PDRA kasama ang PAGASA at QCDRRMC para malaman kung kinakailangang suspindihin ang pasok sa eskwela at trabaho sa kanilang nasasakupan ng walang signal ang bagyo. *(Angie dela Cruz)*